

KONSERBASYON NG ENERHIYA

Ang pagtitipid ng enerhiya ay mabuti para sa kapaligiran. Mabuting paraan din ito para makapagtipid sa iyong mga "UTILITY BILLS" buwan-buwan.

PAYO SA PAGTITIPID NG ENERHIYA NA HINDI KAILANGANG GUMASTOS

Eto ang ilang magagawa mo para makatipid sa enerhiya nang hindi kailangang gumastos:



Sa panahon ng mga buwang malamig, ilagay ang heater sa 68 degrees o mas mababa habang nasa loob ka ng bahay, at hindi tataas sa 58 degrees kapag umalis ka ng bahay.

Isara ang iyong mga kurtina o takip sa bintana para mapanatili ang init sa loob ng tahanan tuwing panahon ng taglamig.

Sa tag-init, iwasang gumamit ng oven. Sa halip, gamitin ang kalan o microwave.

May ilang gawaing-bahay na makapagpapainit ng loob ng bahay mo, tulad ng pagluluto at paglolaundry. Hintayin ang mas malamig na oras sa maghapon para gawin ang mga gawaing ito.

Buksan lamang ang mga ilaw na talagang kailangan mo. Huwag iwanang nakabukas ang mga ilaw sa mga kuwartong hindi mo ginagamit.

Patuyuin sa labas ang iyong mga damit. Iwasang gumamit ng dryer at isampay ang mga damit sa labas.

Kung gumagamit ka ng air conditioner, siguraduhing malinis ang labasan ng hangin at ang hanging lumalabas ay hindi nahaharangan ng mga halaman o anumang bagay.

Iklian ang paliligo. Makatitipid ito sa tubig at sa halaga ng enerhiyang ginagamit sa pagpapainit.

Tanggalin sa saksakan ng koryente ang mga maliliit na appliances. Ang mga phone charger, kompyuter, coffee maker, at telebisyon ay patuloy na kumokonsumo ng koryente kapag nakaplug-kahit hindi ginagamit ang mga ito.



Punuin ang dishwasher o washing machine bago ito patakbuhin.

MGA TIP NA MAY BAHAGYANG GASTOS:



May kaunting gastos sa mga tip sa pagtitipid na ito pero sa kalaunan magbibigay ito ng malaking katipiran sa enerhiya.

Ang mga siwang sa palibot ng mga bintana at pintuan ay pwedeng pagdaanan ng lamig papaloob sa bahay, na nagpapataas ng gastos sa paggamit ng heater. Gumamit ng murang caulking o “low cost caulk” na mabibili sa mga hardware para tapalan ang mga siwang.

Lagyan ng “water heater jacket” ang heater para mapanatili ang init ng tubig.

Makakatulong magpababa sa halaga ng pagpapainit ng tubig ang mga “energy saving” na dutsa.


Palitan ang inyong mga bombilya ng compact fluorescent bulbs o mga bombilyang mabababa ang konsumo ng enerhiya. Sampung beses na tatagal ang buhay ng mga ito at ang konsumo ay isang-kapat o $\frac{1}{4}$ lang ng enerhiya na ginagamit ng incandescent na mga bombilya.

Sa tag-init, takpan ang inyong mga bintana sa araw para hindi pumasok ang init, at buksan ang

inyong mga bintana sa gabi para pumasok ang malamig na hangin sa loob.

Ang iyong organisasyong “CHANGES” ay pwedeng mag-tsek ng iyong mga bayarin, tulungan kang sagutan ang mga papeles na kinakailangan, makipag-usap sa kompanya ng elektrisidad at gas para sa iyo, at sumagot sa iyong mga tanong at/o mga pinoproblema.

Kontakin ang iyong lokal na organisasyon na CHANGES para humingi ng tulong:



Ang CHANGES ay isang programa ng
California Public Utilities Commission
www.cpuc.ca.gov

